Ano ang dapat mong malaman tungkol sa

PANGHA-HARASS NA NANDIDISKRIMINA

SA ILALIM NG MGA BATAS NG SEATTLE

Ang pangha-harass o karahasan na may kaugnayan sa pandidiskrimina ay asal na nanghihimasok sa iyong mga karapatang sibil at nakadirekta sa iyo dahil sa iyong lahi, relihiyon, kasarian at/o kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, kapansanan, bansang pinagmulan at marami pa. Maaaring kasama rito ang: **mga pagbabanta, pang-iinsulto** o **mga pagbabansag** o **pamumuwersa, karahasan** o **paggamit ng puwersa, paninira** o **pagpapababa ng halaga ng ari-arian** o **cyberbullying**.

Ang pangha-harass na nandidiskrimina ay labag sa batas sa Seattle.

Kahit nasa bahay, nasa trabaho, o nasa pampublikong lugar, **ang lahat ay pinoprotektahan mula sa pangha-harass na nandidiskrimina.**

Madali lang ang pag-uulat ng pangha-harass na nadidiskrimina. Tawagan ang Seattle Office for Civil Rights (SOCR) para magsimula.

Maaaring gawin ang mga pag-uulat nang walang pagkakakilanlan.

Maaaring tumulong ang SOCR sa pagpigil sa nandidiskriminang asal.

Ang pisikal na karahasan, paninira ng ari-arian o mga pagbabanta ay maaaring isang paglabag sa batas sa krimen at maaaring direktang iulat sa pulis sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.

Sinusuportahan ng SOCR ang mga batas na nagpoprotekta sa iyo laban sa pangha-harass na nandidiskrimina sa *pabahay, trabaho o mga pampublikong lugar.* Ipinapatupad ng Seattle Police Department (SPD) ang mga batas na nagpoprotekta sa iyo laban sa pangha-harass na may masamang hangarin dagdag pa sa pagdodokumento ng may kinikilingang mga insidente na hindi umaabot sa antas ng isang krimen.

IULAT SA SOCR ANG PANGHA-HARASS NA NANDIDISKRIMINA SA PAMAMAGITAN NG PAGTAWAG SA **206.233.7100**

IULAT SA PULIS ANG KRIMEN NA MAY KAUGNAYAN SA PAGKAKAROON NA MAY KINIKILINGAN SA PAMAMAGITAN NG PAGTAWAG SA **911**

Seattle
Office for Civil Rights

SEATTLE POLICE

http://www.seattle.gov/civilrights

http://www.seattle.gov/police/safety/harassment/